Ang mga customer ng GeoLinks na naapektuhan sa mga apektadong lugar ng state of emergency na dineklara ng Opisina ng Gobernador ng California o ng Pangulo ng Estados Unidos ay karapat-dapat na tumanggap ng mga proteksyong tulong sa sakuna alinsunod sa Desisyon ng CPUC 19-08-025. Ang mga proteksyong pang-emergency ng customer ay magkakaroon ng bisa kapag ang sakuna ay nagdulot ng pagkawala/paghadlang o paghina ng serbisyo ng utility.

Ang sumusunod na mga Proteksyong Pang-emergency ng Customer ay ilalaan sa mga apektadong customer sa residensyal na telepono ng GeoLinks:

i. Waiver para sa isang beses na bayad sa pag-activate para sa pagkakabit ng remote call forwarding, remote access sa call forwarding, mga call forwarding feature at mga serbisyo ng pagpapadala ng serbisyo;

ii. Waiver ng buwanang halaga para sa isang buwan ng remote call forwarding, remote access sa call forwarding, call forwarding, mga call forwarding feature, at mga serbisyo sa pagpapadala ng mensahe;

iii. Waiver ng pagbayad ng serbisyo para sa pagkakabit ng pansamantala o bagong permanenteng lokasyon ng customer at kapag bumalik muli ang customer sa lugar;

iv. Waiver ng bayad sa isang jack at nauugnay na mga kable sa pansamantalang lokasyon, may Inside Wire Plan man ang customer o wala;

v. Waiver ng bayad para sa hanggang limang libreng jack at nauugnay na wiring para sa mga customer ng Inside Wiring Plan sa kanilang pagbabalik sa permanente nilang lokasyon;

vi. Waiver ng bayad para sa isang jack at nauugnay na kable para sa mga customer na walang Inside Wiring Plan sa kanilang pagbabalik sa kanilang permanente nilang lokasyon.

vii. Bigyan ng mobile phone ang mga kustomer na naghahanap ng makakanlungan mula sa sakuna o kalamidad para magamit nila ito sa pansamantalang bahay-tuluyan na itinalaga ng county o syudad.